

LISTOS CALIFORNIA

MGA TIP SA PAGHAHANDA PARA SA EMERHENSIYA



MANATILING LIGTAS SA WILDFIRE

Maging handa sa mga wildfire. Gumawa ng plano, makinig sa mga babala, at makipag-ugnayan sa iyong pamilya at mga miyembro ng komunidad.



Mag-sign Up para sa Mga Alerto

- Mag-sign up para sa mga libreng alertong pang-emerhensiya sa iyong mga lokal na opisyal o opisyal ng county dahil maaaring mabilis na gumalaw ang mga wildfire.
- Maaari mong piliin kung paano magpapadala ng mga alerto sa iyo kapag nag-sign up ka, kabilang ang cell phone, telepono sa bahay, email, mga text message, at sa ilang kaso, mga TTY device.

Magplano

- Maaaring magdulot ang mga wildfire ng mga pagkawala ng kuryente, kaya magkaroon ng mga backup na plano para sa mga de-kuryenteng kagamitang medikal at mga gamot na dapat palamigin at magkaroon ng radyong pinapagana ng baterya para marinig mo ang mga pang-emerhensiyang update.
- Kumuha ng mapa at magplano ng tatlong magkakaibang rutang palabas sa kung saan ka nakatira at nagtatrabaho kung sakaling may mga pagsasara ng kalsada o hindi inaasahang pagbabago sa mga kondisyon.
- Makipag-usap sa iyong pamilya at gumawa ng plano sa paglikas upang malaman ng lahat kung saan pupunta kapag dumating ang sakuna.
 - Pumili ng mga pamilyar na lugar para magkita at magsanay na makarating doon. Pumili ng isa sa iyong kapitbahayan, isa sa labas ng iyong kapitbahayan, at isa sa labas ng iyong bayan kung sakaling kailanganin mong baguhin ang plano batay sa lokasyon ng sunog. Maaaring ang mga ito ay bahay ng isang kamag-anak o kaibigan o isang tindahan, aklatan, o parke.
 - Kung mayroon kang mga alagang hayop o mga hayop na tagapagsilbi, mag-isip ng mga lugar kung saan magkikita na nagpapapasok ng mga hayop.
- Mag-empake ng Go Bag na puno ng mga kinakailangang bagay tulad ng pera, mahahalagang dokumento, telepono, gamot, at medikal na kagamitan. Tiyaking may mga pangunahing bagay para sa mga sanggol, matatanda, mga taong may medikal na pangangailangan, at mga alagang hayop.



Huwag Maghintay, Lumikas Na

- Makinig at manood ng mga babala at utos ng paglikas. Ang **babala sa paglikas** ay nangangahulugang maghandang umalis.
- Kung kailangan mo ng dagdag na oras para umalis dahil sa mga bata, matatanda, mga taong may mga pang-access at functional na pangangailangan, o mga alagang hayop at hayop, umalis sa panahon ng babala sa paglikas.
- Ang ibig sabihin ng **utos ng paglikas** ay umalis kaagad. Huwag maghintay dahil nasa panganib ang buhay ninyo ng iyong pamilya.
- Upang makahanap ng mga rutang palabas at mga ligtas na silungan sa panahon ng wildfire, tawagan ang iyong mga lokal na awtoridad o awtoridad ng county. Tandaang ang mga pampublikong silungan sa sakuna ay libre at walang sinuman ang maaaring humingi sa iyo ng ID. Makipag-ugnayan nang maaga upang malaman kung aling mga silungan ang maaaring mas mahusay na magsilbi sa mga taong may mga kapansanan o mga alagang hayop.

